

Ang Iyong Mga Karapatan at Responsibilidad Kapag Tumatanggap Ka ng mga Serbisyo na Ibinibigay ng Aging and Long-Term Support Administration at Developmental Disabilities Administration

Your Rights and Responsibilities When You Receive Services Offered by Aging and Long-Term Support Administration and Developmental Disabilities Administration

PANGALAN NG KLIYENTE
NUMERO NG ID SA ACES

Mga Serbisyonang Mapapakinabangan

May karapatan kang pumili mula sa mga serbisyo na karapat-dapat mong matanggap. Boluntaryo ang mga serbisyo. Ang mga serbisyo na maaaring bayaran ng Aging and Long-Term Support Administration (AL TSA) at ng Developmental Disabilities Administration (DDA) ay maaaring hindi makatutulong sa lahat ng iyong pangangailangan.

Ang AL TSA at DDA ay nagbibigay ng mga serbisyo sa:

- Isang Adult Family Home, Assisted Living Facility, Enhanced Services Facility, Nursing Facility, Companion Home, Children's Foster Home, Children's Licensed Staffed Residential Home; DDA Group Homes, Group Training Homes, ICF/IDs; O
- Sariling bahay ng isang tao. **Tandaan:** Ang AL TSA at DDA ay hindi nagbibigay ng may-sahod na 24 oras/araw na mga serbisyo sa pangangalagang pampersonal sa sariling bahay ng isang tao. Kung gusto ang 24 oras na pangangalaga, maaaring isaalang-alang ang ibang mga opsyon ng serbisyo.

Ang iyong AAA Case Manager, DDA Case Resource Manager, o HCS Social Service Specialist ay tinatawag na **case worker** sa dokumentong ito.

Ang Iyong Mga Karapatan

May karapatan ka na:

- May karapatan ka na tratuhin nang may dignidad, paggalang, at walang diskriminasyon;
- Panatilihin pribado ang impormasyon tungkol sa iyo sa loob ng limitasyon ng mga batas at mga tuntunin ng DSHS;
- Hindi aabusuhin, napababayaan, pinagsasamantalahan sa pera, o inabandona. Para sa paglalarawan ng mga terminong ito, bisitahin ang: <https://www.dshs.wa.gov/altsa/home-and-community-services/types-and-signs-abuse>. Kung may kilala ka o kakilala mo na inaabuso, pinapabayaan, o sinasamantala, mangyaring tawagan ang DSHS toll free sa 1-866-(End Harm) / 1-866-363-4276 upang kausapin ang manggagawa na makakatulong sa iyo;
- Tratuhan ang may paggalang lang ang iyong ari-arian;
- Sasabihan tungkol sa lahat ng mga serbisyo na maaari mong matanggap at gagawa ng mga pagpili tungkool sa mga serbisyo na gusto mo o hindi gusto;
- Makipagtulungan sa iyong case worker sa pagpapalano ng iyong pangangalaga;
- Hindi pipiliting pasasagutin sa mga tanong o gawin ang isang bagay na hindi mo gusto;
- Sasabihan ka sa panulat tungkol sa mga pasya ng ahensiya at makatatanggap ng kopya ng plano sa iyong pangangalaga o buod ng plano sa suporta;
- Makipag-usap sa iyong superbisor kung ikaw at ang iyong case worker ay hindi magkakasundo;
- Humiling ng administratibong pagdinig kahit na nagreklamo ka;

- Magreklamo nang walang takot na mapinsala kahit na humiling ka ng isang administratibong pagdinig;
- Makipag-usap sa iyong tagapagtaguyod (advocate) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-201-1014;
- Tanggihan ang lahat ng serbisyo;
- May serbisyo ng interpreter na ibibigay sa iyo nang walang bayad kung hindi ka nakapagsasalita nang mahusay na Ingles;
- Pumili, patalsikin o palitan ang isang kwalipikadong provider; at
- Tumanggap ng mga resulta ng pagsusuri ng background ng sinumang indibidwal na provider na iyong pipiliin.

Ang Iyong mga Responsibilidad

May responsibilidad ka na:

- Ipakumpleto sa iyong case worker ang iyong pagtatasa kahit kada taon sa isang lokasyon na kumbinyente para sa iyo;
- Hayaan ang case worker na makita ang iyong kapaligirang pinamumuhayan kahit isang beses sa isang taon;
- Bigyan kami ng sapat na impormasyon upang kumpletuhin ang pagtatasa sa iyo;
- Sabihin sa iyong case worker kung may isang tao na gumagawa ng medikal o pinansiyal na desisyon para sa iyo;
- Lumahok sa pagbuo ng iyong pangangalaga o plano sa suporta, at lagdaan ito;
- Unawain na ang iyong provider ay hindi mababayaran sa mga serbisyo o oras na hindi pinapahintulutan;
- Piliin ang iyong sariling pangangalaga sa kalusugan;
- Pumili ng kwalipikadong provider;
- Magbigay ng ligtas na lugar ng trabaho;
- Panatilihin pribado ang pagsusuri sa background ng provider;
- Sabihin sa iyong case worker kung may mga problema ka sa iyong provider o kung hindi mo natatanggap ang mga oras na inangkin ng iyong provider;
- Bayaran ang iyong provider bawat buwan kung tumutulong ka sa pagbabayad sa iyong pangangalaga;
- Huwag kumilos sa paraan na maglalagay sa iba sa panganib; at
- Sabihin sa iyong case worker kung may pagbabago sa:
 - ✓ Iyong kondisyong medikal;
 - ✓ Sa tulong na iyong natanggap mula sa pamilya o ibang mga ahensiya;
 - ✓ Saan ka nakatira; o
 - ✓ Iyong sitwasyong pinansiyal.



Mga Responsibilidad ng Case Worker

Ang iyong case worker ay responsable na:

- Tratuhan ka nang may dignidad at paggalang;
- Panatilihin ang iyong pagiging pribado;
- Sabihin sa iyo kung ano ang magagawa, o hindi magagawa ng AL TSA at DDA para sa iyo;
- Kunin ang impormasyon mula sa iyo at sa iba upang gawin ang pagtatasa para malaman ang antas ng iyong pagtulong at pasyahan kung ano-anong mga serbisyo ang mapagpipilian mo.
 - ✓ Ang pagtatasa ay kabibilangan ng mga lakas, mga limitasyon, mga layunin, at mga gusto.
 - ✓ Kabibilangan ang pagtatasa ng tulong na tinatanggap mo na o makukuha mula sa pamilya o ibang mga ahensiya at kung paano mo gustong gawin ang mga serbisyo;
- Tulungan ka upang bumuo ng plano sa pangangalaga o plano sa suporta na tumutugon sa tulong sa personal na pangangalaga at kabilang ang iyong personal na mga layunin, mga gusto, at mga mapagpipilian;
- Tumanggap ng impormasyon mula sa iyo at sa iba upang i-update ang iyong plano sa pangangalaga bawat taon o kung magbabago ang iyong kondisyon;
- Bigyan ka ng sapat na oras upang makapabigay ng kinaailangang impormasyon;
- Tugunan ang mga problema sa iyong plano sa pangangalaga habang lumilitaw ang mga ito
- Igalang ang iyong mga karapatan at magbigay ng karagdagang tulong sa pag-akses sa mga serbisyo kung ikaw ay may pinsalang mental, neurolohikal, sensory, o pisikal; at
- Tulungan kang makahanap ng isang kwalipikadong provider kung hindi ka makahahanap

Mga Paunang Direktiba

May karapatan kang gumawa ng paunang mga direktiba. Maaaring kabilang sa maagang mga direktiba ang testamento habang buhay pa o matibay na power of attorney para sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Ang paunang mga direktiba ay nagbubuod ng iyong mga kagustuhan tungkol sa pangangalaga ng medikal at/o mental na kalusugan, kabilang ang karapatan na tanggapin o tanggihan ang pangagamot na medikal, kalusugang mental, o operasyon, kapag wala kang mental na kakayahan upang gawin ang mga pasyang iyon. Maaari mong pawalan ng ang iyong paunang mga direktiba anumang oras.

Mga abiso para sa mga kustomer at empleyado (Titulo VI at VII) Ang Kagawaran ng Mga Serbisyo ng Panlipunan at Kalusugan ng Estado ng Washington ay isang ay isang pantay na pagkakataong tagapag-empleyo at hindi nagtatangi sa anumang lugar ng trabaho, mga programa o serbisyo nito na nakabatay sa edad, kasarian, oryentasyong sekswal, kasarian, pagkakakilanlan/ekspresyon ng kasarian, katayuan sa pag-aasawa, lahi, paniniwala, kulay, bansang pinagmulan., relihiyon o mga paniniwala, kaugnayan sa pulitika, katayuang militar, beterano na pinalabas nang marangal, Panahon ng Vietnam, kamakailang nahiwalay o iba pang protektadong katayua ng beterano, ang pagkakaroon ng anumang kapansanan sa pandama, pag-iisip, pisikal o paggamit ng isang sinanay na gabay sa aso o hayop ng serbisyo ng isang tao may kapansanan, pantay na sahod o genetic na impormasyon.

YOUR RIGHTS AND RESPONSIBILITIES WHEN YOU RECEIVE SERVICES OFFERED BY AL TSA AND DDA
DSHS 16-172 TA (REV. 05/2022) Tagalog

Serbisyo sa Pagpaparehistro ng Botante

Ang Batas ng Pambansang Pagpaparehistro ng Botante ng 1993 (National Voter Registration Act of 1993) ay nag-uutos sa lahat ng estado na magbigay sa botante ng tulong sa pagpaparehistro sa pamamagitan ng kanilang mga tanggapan para sa tulong sa publiko. Ang pag-aaplay upang magparehistro o tumanggap magparehistro upang makaboto ay hindi makaaapekto sa mga serbisyo o benepidyo na ibibigay sa iyo ng ahensiyang ito. Kung gusto mo ng tulong sa pagsagot sa form ng pagpaparehistro ng botante, tutulungan ka namin. Ang iyong pasyang magparehistro o tumanggap magparehistro ay pananatiliing kumpidensiyal at gagamitin lang para sa mga layunin ng pagpaparehistro ng botante. Kung naniniwala ka na may nakikialam sa iyong karapatang magparehistro o tumanggap magparehistro upang bumuto, sa iyong karapatan sa pagkapribado sa pagpasya kung magparehistro o mag-aaplay sa pagpaparehistro upang bumoto, o ang karapatan na piliin ang iyong sariling partidong politikal o iba pang politikal na kagustuhan, maaari kang maghain ng reklamo sa:

Washington State Elections Office
PO Box 40229
Olympia WA 98504-0229
1-800-448-4881

Iyong Lagda

Lagdaan sa linya sa ibaba kung naiintindihan mo ang iyong mga karapatan at responsibilidad at nauunawaan ang mga responsibilidad ng iyong case worker.

LAGDA NG KLIYENTE

PETSA

LAGDA NG LEGAL NA KINATAWAN

PETSA

Ang Iyong Mga Karapatan at Responsibilidad Kapag Tumatanggap Ka ng mga Serbisyo na Ibinibigay ng Aging and Long-Term Support Administration at Developmental Disabilities Administration

MGA TAGUBILIN

1. Ipakita ang form na ito sa kliyente kapag kinukumpleto ang paunang pagtatasa ng CARE at pagrerepaso ng plano sa pangangalaga o plano sa suporta. Kung ang kliyente ay tumatanggap na ng mga serbisyo at hindi lumagda dati sa bersiyon na ito ng form, ipakita ang form sa kliyente at ang susunod na pagtatasa. Repasuhin ang form kasama ng kliyente na sasagot sa anumang mga tanong tungkol sa mga karapatan at mga responsibilidad ng kliyente.
2. Palagdain ang kliyente o ang kinatawan ng kliyente sa dalawang kopya ng form upang ipahiwatig ang kanyang pang-unawa sa mga karapatan at responsibilidad ng kliyente kapag tumatanggap ng mga serbisyo na ibinibigay ng Aging and Long-Term Support Administration at Developmental Disabilities Administration
3. Magsalansan ng isang kopya sa hard file o sa Document Management System (DMS) at ibigay ang isang kopya sa kliyente.